**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 7, 163-176




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Mapagpaginhawang pamumuno: Isang pagbasa sa Nehemias 5 sa Diwa ng Mabathalang Pag-aaral

Cordero, Dalmacito Jr. ✉
*De La Salle University, Philippines (dalmacito.cordero@dlsu.edu.ph)*
Santos, Mark Joseph
*De La Salle University / Philippine Women's University, Philippines (mark_joseph_santos@dlsu.edu.ph)*

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26828

***Abstract***

We are accustomed to a unidirectional flow of biblical preaching, wherein we derive principles from the text and then apply them to the Filipino context. In this article, we attempt to reverse this flow by following the "mutual relationship of two springs" in Jose de Mesa's "Mabathalang Pag-aaral." A sample discourse between the Bible and Filipino culture is constructed by focusing on Nehemiah 5, particularly on leadership. Among Hans Georg Wunch's approaches to Nehemiah, we follow the method of deriving leadership principles from contemporary social sciences and then applying these to Nehemiah. To accomplish this, the article utilizes the anthropological concept of "ginhawa" borrowed from de Mesa, who gave it theological content as a dynamic translation of "salvation." It is then linked to leadership through Zeus Salazar's writings, which discuss the preservation of "ginhawa" as the primary responsibility of leaders in ancient Filipino society. The outcome is the concept of "mapagpaginhawang pamumuno" (leadership that brings total well-being), which is then applied to Nehemiah 5. The analysis shows that the socio-economic reform in chapter 5 is intended for the "ginhawa ng katawan" (physical well-being). However, this reform initiated by Nehemiah is not merely physical but is clearly rooted in Judaism. It is further argued that Nehemiah 5 must be read alongside Nehemiah 13, where religious reform is enacted for the sake of the "ginhawa ng kalooban" (spiritual well-being). This mirror reading presents leadership that brings total well-being as a holistic feature of an ideal leader for contemporary times.

***Keywords:*** ginhawa, mabathalang pag-aaral, mapagpaginhawang pamumuno, Nehemias, pamumuno, teolohiyang Pilipino

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Mapagpaginhawang pamumuno: Isang pagbasa sa Nehemias 5 sa Diwa ng Mabathalang Pag-aaral

## 1. Introduction

Sa tipikal na pag-aaral ng Biblia sa mga simbahang Pilipino (mapa-sermon man, "bible study," o ebanghelismo), kadalasang isahang daloy lamang ang itinuturing na normatibong paraan sa biblikal na interpretasyon: ang unibersal na aral at katuruan ng Biblia ay kailangan lamang ilapat sa kasalukuyang konteksto. Sa ganitong pananaw, ang kulturang Pilipino ay walang ibang gampanin sa prosesong hermeneutikal kundi tagatanggap lamang ng aplikasyon. Sa prosesong ito, ang kailangan lamang gawin ay aralin ang kaligirang pangkasaysayan at pampanitikan ng napiling talata ng Biblia, bigyang-interpretasyon ang teksto, hugutin ang mga unibersal na aral at prinsipyo, at tumingin sa mga aspekto ng buhay ng mga tagapakinig kung saan maaaring ilapat ang mga aral. Ngunit mayroong isang alternatibong paraan ng pag-aaral ng Biblia sa kontekstong Pilipino, kung saan ang gampanin ng kultura ay mas masalimuot at mas makabuluhan. Masusumpungan ang alternatibong ito sa tinatawag na "Mabathalang Pag-aaral."

Ang Mabathalang Pag-aaral ay isang eskwela ng kaisipan sa disiplina ng teolohiya sa Pilipinas. Pinasimulan ito ni Jose M. de Mesa, na maituturing marahil na pinakaorihinal na teologong nailuwal ng Pilipinas. Alternatibong salin sa Filipino ng Kanluraning *theology* (*theos*=Diyos at *logos*=*study*) ang "mabathalang pag-aaral." "Pag-aaral" ang ginamit dahil mas malawak ito kaysa Griyegong *logos* na may implisitong haka na ang tanging epektibong paraan ng pag-aaral sa Diyos ay sa pamamagitan ng lohika. Ang "mabathala" naman na ginamit ay hinugot kay "Bathala," ang katawagan ng mga sinaunang Pilipino sa Diyos, bilang pagkilala sa katotohanang aktibo nang kumikilos ang Diyos sa Pilipinas bago pa man ang pagdating ng mga mananakop (De Mesa, 2016a). Ngunit hindi lamang sa pangalan naiiba ang Mabathalang Pag-aaral sa Kanluraning *theology*/teolohiya, bagkus ay pati sa nilalaman. Inilunsad ni de Mesa ang eskwelang ito bilang "hangarin at pagpupunyaging… magkaroon ng sariling paraan at anyo ng pagteteolohiya" sa Pilipinas (De Mesa, 2016a, p. 294).

Sa pinakapuso ng Mabathalang Pag-aaral ay ang metodong tinawag ni de Mesa na "talaban ng dalawang bukal/haligi" ("*mutual interaction of two springs/poles*"). Ang tinutukoy niyang dalawang haligi ay ang 1. Tradisyon/Pamanang Hudio-Kristiyano, at 2. Kulturang Pilipino (De Mesa, 2016a). Nabanggit na natin na kadalasang isahang daloy lamang ang nakagisnang pag-aaral ng Biblia sa Pilipinas. Sa kontekstong ito, ang Pamanang Hudio-Kristiyano na kinakatawan ng Biblia ay itinuturing na "batis" (*source*) na pinakabatayan ng pagteteolohiya, habang ang kulturang Pilipino ay itinuturing lamang na "puntirya" (*target*) kung saan ilalapat ang mga nainterpretang aral (De Mesa, 2016b). Taliwas sa ganitong nakasanayan, para sa Mabathalang Pag-aaral, parehong maaaring maging batis at puntirya ng pagteteolohiya kapwa ang Pamanang Hudio-Kristiyano at Kulturang Pilipino. Para kay de Mesa, marapat na pahalagahan nang patas ang dalawa dahil pareho namang nagmula sa Diyos ang mga ito. Naniniwala si de Mesa na ang nakagisnang isahang daloy (na tumitingin sa kulturang Pilipino bilang puntirya lamang) ay bunga ng kolonyalismo, na may tendensyang maliitin ang potensyal ng kulturang Pilipino. Dagdag pa niya, ang magalang at patas na talaban sa pagitan ng dalawa ay mahalaga dahil maaari itong humantong sa higit na pag-unawa sa pareho. Tinawag niya itong "talaban" o *mutual interaction* dahil may talab ang dalawa sa isa't isa. Taliwas sa nakagisnang isahang daloy, sa ganitong talaban, may talab o epekto hindi lamang ang Biblia sa kultura, kundi pati ang kultura sa Biblia. Ibig sabihin nito, sa pamamagitan ng kulturang Pilipino ay mas mauunawaan ng mga Kristiyano ang Biblia, at sa pamamagitan ng Biblia ay mas mauunawaan din ng mga Pilipino ang ating kultura (De Mesa, 2003).

Sa artikulong ito, susubukan na isagawa ang "talaban ng dalawang bukal" sa pagbasa sa Nehemias kabanata 5. Sa pagbasang ito, babaliktarin natin ang nakagisnan. Kung sa nakasanayang Araling Biblikal ay kailangan lamang humanap ng aral mula sa Nehemias 5 na ilalapat sa kontekstong Pilipino, ang gagawin ko ay humanap

ng isang konsepto mula sa kulturang Pilipino na maaaring ilapat sa interpretasyon ng Nehemias 5. Ang ilalapat sa Nehemias ay ang Pilipinong konsepto ng "ginhawa." Ilalapat ito sa tema ng pamumuno na matatagpuan sa Nehemias 5. Ang lilitaw na aral o interpretasyon mula sa paglalapat na ito ng ginhawa sa pamumuno sa Nehemias 5 ay tataguriang "mapagpaginhawang pamumuno." Pagkatapos ay huhugutin at ilalapat ang aral na ito ng mapagpaginhawang pamumuno pabalik sa kontekstong Pilipino, partikular sa Teolohiyang Pilipino. Sa ganang ito ay kapwa magiging "batis" at "puntirya" ng pagteteolohiya ang kulturang Pilipino at Biblia.

## 2. Pagtuon sa Pamumuno ni Nehemias

Si Nehemias ay isang Hudio na naglingkod bilang tagapamahala ng inumin ng hari (cupbearer o butler) (t.1:11). Mataas na katungkulan ang pagiging tagapamahala ng inumin ng hari. Ang pinipili sa ganitong posisyon ay yaong pinakapinagkakatiwalaan ng hari, dahil malaganap noon ang asasinasyon (kung hindi katiwa-tiwala ang kanyang tagapamahala ng inumin ay maaari itong magamit upang lasunin siya ng kalaban). Isang araw, narinig ni Nehemias na nagdurusa ang mga Hudio sa Jerusalem. Ang mga pader na nagpoprotekta sa Jerusalem ay nawasak at hindi na muling itinayo at dahil dito, nasa panganib ang Jerusalem. Nag-ayuno at nanalangin si Nehemias upang humingi ng tulong sa Panginoon.

Ang mataas na kapangyarihan ni Nehemias bilang tagapamahala ng inumin ay makikita sa t.2:1-7. Sa naturang talata, mabilis siyang pinagbigyan ng hari sa kanyang kahilingan na bumisita sa Yehud (ito ang tawag ng mga Persiano sa probinsya ng Judah) upang muling itayo ang mga pader nito. Binigyan din siya nito ng liham na maiaabot niya sa mga gobernador ng mga probinsyang madadaanan niya, upang payagan siyang makiraan. Liban pa rito, nag-utos din ang hari sa tagapamahala ng kagubatan na bigyan si Nehemias ng mga troso na magagamit sa konstruksyon ng mga pader ng Yehud. Opisyal din siyang ipinadala ni Artaxerxes I sa Yehud bilang bagong gobernador ng probinsya.

Malaki ang naitulong ng artikulong "Nehemiah – Leader in Times of Crisis" ni Hans- Georg Wunch, kung anong partikular na tema sa Nehemias ang mainam na pagtuunan ng pansin. Idinirekta niya ang atensyon ng mambabasa sa lumalagong literatura ng mga pag-aaral sa Nehemias, kung saan ang tuon ay mga prinsipyo ng pamumuno at katangian ng ideyal na pinuno. Sa naturang artikulo ni Wunch, ipinaliwanag niya na kapag binasa ang mga publikasyon ukol sa pagkapinuno ni Nehemias, tatlong magkakaibang paraan ng mga may-akda ang lilitaw sa paghalaw ng mga prinsipyo sa pamumuno: (Wünch, 2023)

1. Paghugot ng mga unibersal na prinsipyo ng pagiging pinuno mula sa Nehemias

2. Paghugot ng mga unibersal na prinsipyo ng pagiging pinuno mula sa ibang bahagi ng Biblia (hal. pagkapinuno ni Hesus sa Ebanghelyo), at paggamit kay Nehemias bilang ilustrasyon ng mga prinsipyong ito

3. Paghugot ng mga unibersal na prinsipyo ng pagiging pinuno mula sa mga sosyolohikal/agham panlipunang pag-aaral sa kasalukuyan, at paggamit kay Nehemias bilang ilustrasyon ng mga prinsipyong ito.

Karamihan ng mga sermon, *bible study,* at mga publikasyon sa Nehemias ay gumagamit ng unang nabanggit na pamamaraan sa pag-aaral ng Nehemias. May ilan din na nagsasagawa ng ikalawa. Ang ikatlong paraan ang hindi gaanong napagtutuunan ng pansin sa mga pag-aaral. Itong ikatlo ang gagamitin natin sa kasalukuyang pag-aaral, yamang ito ang angkop sa talaban ng dalawang bukal ng Mabathalang Pag-aaral. Huhugutin natin ang konsepto ng ginhawa mula sa mga antropolohikal na pag-aaral ng mga Pilipinong pantas, titingnan ang halaga nito sa pamumuno, at pagkatapos ay tsaka natin ito ilalapat sa Nehemias 5.

### *2.1 Ang Ginhawa sa Antropolohiya*

Sa Tagalog, ang ginhawa ay kadalasang iniuugnay sa aspeto ng kabuhayan at kalusugan:

- Kabuhayan - Ang isang pamilyang nakaahon sa kahirapan ay sinasabing "guminha-ginhawa rin sa wakas ang pamumuhay."

- Kalusugan - Ang isang taong kagagaling lamang mula sa isang karamdaman ay sinasabing "guminhawa na ang pakiramdam."

Ngunit hindi lamang limitado rito ang kahulugan ng ginhawa. Sa katunayan, umiiral ang salitang ito at mga kogneyt nito sa maraming wika sa buong kapuluan. Sa disertasyon ni Carmen Peñalosa, tinalakay niya ang mga kogneyt na ito sa iba't ibang wika tulad ng *rinawa* (Ilongot), *gin'awa* (Ilokano), *linawa* (Pangasinense), *lennawa* (Batad Ifugaw), *isnaua* (Kapampangan), *ginhaoa* (Cebuano), at *nawa* (T'boli) (Peñalosa, 2014). Marami sa mga wikang ito, tulad ng Cebuano, ay mayroong pakahulugan sa ginhawa bilang "hininga/paghinga." Malalim ang pagkakaugnay ng hininga at buhay para sa mga wika sa Pilipinas. Ang ekspresyong ginagamit natin para ilarawan ang isang taong namatay ay "nalagutan ng hininga." Kaya naman sa kamalayang Pilipino, hindi lamang iniuugnay ang ginhawa sa kalidad ng buhay (kabuhayan at kalusugan) bagkus ay maging sa mismong buhay.

Paliwanag ng antropologo-historyador na si Zeus Salazar, naniniwala ang maraming pangkat etniko sa Pilipinas na ang buhay at pagkatao ng isang indibiduwal ay nakabatay sa dalawang mahalagang elemento sa katawan: kaluluwa sa ulo at ginhawa sa tiyan (Salazar, 1999). Marapat na manatiling magkaugnay at magkarugtong ang dalawa dahil ito ang batayan ng kalusugan, buhay, at maging ang moralidad ng tao.

Hindi lamang pagkakasakit ang maaaring maging epekto ng pagkawala ng ugnayan ng kaluluwa at ginhawa. Maaari itong humantong sa mismong kamatayan. Isang pamilyar na ekspresyon sa marami sa atin ang "hala ka, lagot ka, patay ka!" Madalas itong ipinapanakot sa batang makukulit. Halimbawa, ang isang batang aksidenteng nakabasag ng pinggan ay sasabihan ng "susumbong kita kay mama, lagot ka, patay ka." Nakaugnay pa rin ito sa ekspresyong "nalagutan ng hininga." Ang pagkalagot ng hininga ay katumbas ng pagkalagot ng ginhawa, yamang sa maraming wika sa Pilipinas ay magkasingkahulugan ang ginhawa at hininga.

Hindi lamang ito, maaari ring humantong ang pagkawala ng ugnayang kaluluwa-ginhawa sa pagiging masama ng isang tao. Ang mga taong gumagawa ng kahindik-hindik na krimen (tulad ng pagpatay) ay inilalarawan sa ating wika bilang "halang ang kaluluwa" o "halang ang bituka." Nabanggit na natin na sa ulo matatagpuan ang kaluluwa, habang ang ginhawa ay sa tiyan. Sa partikular, naniniwala ang maraming pangkat etniko na ang ginhawa ay nagmumula sa pagkain. Kapag kumain ang tao ng halaman o hayop, magkakaroon ng ginhawa ang tao. Mapapadpad ito sa kanyang tiyan, partikular sa bahaging atay at bituka (Salazar, 1983). Yamang nasa bituka ang ginhawa, kapag naging pahalang (*horizontal*) ang bituka o naging pahalang ang kaluluwa, hindi na magiging pantay ang patayo (*vertical*) na ugnayan ng dalawa. Kapag hindi pantay ang ugnayan ng kaluluwa at ginhawa, maaari itong makaapekto sa moralidad ng tao. Ito ang dahilan kung bakit natin tinatawag na "halang" ang bituka/kaluluwa ng isang masamang tao.

### *2.2 Ang Ginhawa sa Teolohiya*

Sa larangan ng teolohiya, sa abot ng aming kaalaman, ang kauna-unahang gumamit ng konsepto ng ginhawa ay si Jose de Mesa, sa kanyang artikulong "The Ginhawa Which Jesus Brings" noong 1982 (De Mesa, 1982). Ginawang tungtungan ni de Mesa ang bunga ng mga antropolohikal na pag-aaral ukol sa ginhawa, at inilapat ito sa teolohiya. Bahagi ito ng kanyang hangarin sa Mabathalang Pag-aaral na bumuo ng "*dynamic equivalence*" o katumbas sa Filipino ng mga Kanluraning konseptong teolohikal. Sa agos ng kanyang kapantasan (*scholarship*), ilan sa mga nalikha niyang tumbasan ay pandaraya (*sin*), kagandahang-loob (*love/grace*), bakas (*sacraments*), paramdam-mukha-loob (*Trinity*), at iba pa. Sa kontekstong ito, ang ginhawa ay mungkahi niyang katumbas sa Filipino ng doktrina ng *salvation.*

Paliwanag niya, bawat teolohikal na konsepto ay hinubog ng kultura ng mga mananampalataya. Totoo rin ito sa kaso ng *salvation.* Walang iisang kulturang kumpleto at perpektong nakauunawa sa reyalidad na ito. Bawat isa sa kanila ay pagtatangkang maunawaan ang isang aspekto ng kabuuang reyalidad na ito. Nang maging Kristiyano ang mga Griyego, ang konseptong ginamit nila upang unawain ang reyalidad na ito ay "*soteria.*" Tumutukoy ito sa pagkawala sa lahat ng uri ng panganib, pang-indibiduwal man (karamdaman o inhustisya) o pangkomunidad (digmaan o taggutom). Nang maging sentro naman ng Kristiyanismo ang Roma, tinangkang

unawain ang *salvation* gamit ang Latin na terminong *salus,* na ang tuon ay nasa maayos na kalusugan. Nang maisalin ito sa Ingles bilang *salvation*, ang naging tuon ay ang pagkawala mula sa kasalanan sa buhay na ito, upang makamit ang kaligtasan sa kabilang buhay (De Mesa, 1982). Kaya naman, kung paanong inuunawa nila ang kabuuang reyalidad na ito gamit ang konseptong nagmumula sa kanya-kanya nilang kultura, mainam din umanong unawain nating mga Pilipino ang reyalidad na ito gamit ang sarili nating konsepto ng ginhawa.

Isa sa mga binigyang-diin ni de Mesa sa konsepto ng ginhawa ay ang pagiging holistiko nito: sinasaklaw nito kapwa ang aspektong pisikal at espirituwal. Aniya, para sa Pilipino, mahalagang maginhawa kapwa ang katawan (pisikal) at ang kalooban (espirituwal) (De Mesa, 1982). Nabanggit na natin na madalas na iniuugnay sa kabuhayan at kalusugan ang ginhawa. Maginhawa ang isang tao kapag gumaling siya mula sa karamdaman, o umahon siya mula sa kahirapan. Pareho itong may kinalaman sa katawan. Ngunit hindi lamang puro panlabas ang pinapatungkulan ng ginhawa sa ating wika. Mayroon din tayong ekspresyong “maginhawa ang kalooban.” Halimbawa, sa isang taong puno ng galit, kadalasang ipinapayo ng Pinoy na “magpatawad ka upang guminhawa ang iyong kalooban.”

Ang ganitong paliwanag ni de Mesa sa pagiging holistiko ng teolohikal na konsepto ng ginhawa ay tumutugma rin sa mismong pag-unawa rito ng maraming pangkat etniko sa Pilipinas. Sa kasalukuyang modernong lipunan, madalas na pinaghihiwa-hiwalay natin ang iba’t ibang dimensyon ng kalusugan: pisikal, mental/emosyunal, at espirituwal. Mayroon tayong iba’t ibang dalubhasa para sa bawat dimensyong ito: doktor para sa pisikal, sikolohista para sa mental/emosyunal, at teologo/pari para sa espirituwal. Ngunit sa sinaunang pamayanang Pilipino, ang tatlong ito ay magkakasama sa iisang konsepto — ang ginhawa.

Babaylan ang maituturing na ninuno ng mga modernong duktor, dahil sila ang mga unang manggagamot ng katawan sa Pilipinas. Saad ng Ama ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio Enriquez: “Ang mga babaylan ang mga unang sikolohistang Pilipino” (Enriquez, 1982). Babaylan ang responsable sa pagpapanatili ng ugnayan ng kaluluwa at ginhawa sa loob ng tao. Maaaring maapektuhan ang sikolohikal na kalagayan ng tao kapag nawala ang ugnayan ng dalawa (maaaring maging halang ang bituka/kaluluwa at samakatuwid ay maging masama). Bukod sa aspektong pisikal at sikolohikal, babaylan din ang ninuno ng mga kasalukuyang teologo at pari/pastor. Sila ang nakikipag-usap sa mga anito o kaluluwa ng mga ninuno. Sa madaling salita, babaylan ang responsable sa pisikal, mental/emosyunal, at espirituwal na panggagamot sa tao. Holistiko ang panggagamot dahil holistiko rin ang tingin sa kalusugan. Ang tingin ng Pilipino sa tao ay buo, magkakahalo at hindi mapagwawatak-watak ang kanyang mga dimensyon. Yamang hindi mapagwawatak-watak ang mga dimensyon, hindi rin maaaring magkakahiwalay ang panggagamot sa kanya.

Tumutugma ang lahat ng ito sa pagpapaliwanag ni de Mesa sa teolohikal na konsepto ng ginhawa. Gamit ang kategoryang katawan-kalooban ni de Mesa, hindi maituturing na tunay na maginhawa ang isang tao kung maginhawa nga ang kanyang katawan (pisikal), ngunit naghihirap naman ang kanyang kalooban (emosyunal/mental at espirituwal). Gayundin, hindi tunay na maginhawa ang isang tao kung maginhawa nga ang kanyang kalooban, ngunit naghihirap naman ang kanyang katawan. Ang ganitong holistikong anyo ng ginhawa ay saktong sakto rin umano sa ministeryo ni Hesus. Sa isang banda, pinaginhawa niya ang katawan ng mga tao sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga maysakit at pagpapakain sa mga nagugutom. Sa kabilang banda, pinaginhawa niya rin ang kalooban ng mga tao sa pamamagitan ng pag-aalok ng kapatawaran ng mga kasalanan. Kaya naman isinaad niya na si Hesus ang “Tagapagpaginhawa.” Ipinakita rin ni de Mesa ang kaisahan ng katawan-kalooban na ginhawa sa Mateo 25:31-46, kung saan inilalarawan ni Hesus ang huling paghuhukom. Makikita sa mga talatang nakapaloob dito na ang pagkakaroon ng ginhawa ng kalooban sa kabilang buhay (espirituwal) ay nakabatay sa kung paano natin pinaginhawa ang katawan ng ating kapwa (pisikal) sa buhay na ito (De Mesa, 1982).

Upang higit na iugat ang ginhawa sa Biblia, partikular sa Bagong Tipan, iniugnay ni de Mesa ang ginhawa sa dalawang Griyegong salita para sa terminong “buhay” — *bios* at *zoe.* Aniya, sa salin ng Bagong Tipan sa Ingles ay hindi nakukuha ang pagkakaiba ng dalawang ito dahil iisa lamang ang katumbas nito sa Ingles — *life.*

Sa tuwing tinutukoy ng Bagong Tipan ang buhay na mayroon ang lahat ng organismo, ang ginagamit nitong salita ay *bios*. Samantala, ginagamit naman ang *zoe* kapag ang nais tukuyin ay ang pagiging ganap at masaya ng buhay. Ang *bios* ay maitutumbas sa ginhawa ng katawan, habang ang *zoe* ay maitatapat sa ginhawa ng kalooban. Parehong mahalaga ang dalawa sa Bagong Tipan. Ang *zoe* bilang kalidad ng buhay ay hindi magiging posible kung wala ang *bios* bilang batayan ng buhay, dahil kung wala ang *bios* ay hindi iiral ang tao. Ngunit sa kabilang banda, kung may *bios* nga ang tao ngunit wala siyang *zoe*, hindi rin siya tunay na buhay. Katumbas lamang ito ng buhay na hungkag, walang kahulugan, walang direksyon. Paliwanag ni de Mesa, sa wika natin, ito ang pagkakaiba sa pagitan ng "humihinga pa" (*bios* na walang *zoe*) at "maginhawa" (*bios* na may *zoe*) (De Mesa, 1982). Ang *bios* na walang *zoe* ay mainam na nailarawan ni Jose Rizal sa El Filibusterismo nang sabihin ni Simoun kay Basilio na:

> *Hindi ba ninyo alam na walang kabuluhan ang buhay na hindi iniuukol sa isang malaking layon? Iya'y isang munting batong natapon sa kaparangan na hindi kasama sa pagkabuo ng isang bahay (Rizal, 2014).*

Ito ring *zoe* ang inilalarawan ng "buhay na ganap at kasiya-siya" na binabanggit sa Juan 10:10 na iniaalok ni Hesus bilang mabuting pastol. Sa katunayan, ang salitang "*zoen*" (isa pang anyo ng *zoe*) ang mismong ginamit na salita sa naturang talata na isinasalin ng mga tagapagsalin bilang *life* sa Ingles o buhay sa Filipino. Sa Lucas 4:4 naman na "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao," ang orihinal na salitang isinalin sa Filipino bilang "nabubuhay" ay "*zesetai.*" Katumbas ito sa Ingles ng *will/shall live*. Tulad ng *zoen*, ang salitang ugat din ng *zesetai* ay *zoe*. Nang sabihin ni Hesus na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, idinidiin niya na hindi sapat ang *bios*. Hindi tunay na buhay o maginhawa ang tao kung ang tanging mayroon lamang siya ay tinapay (na simbolismo ng ginhawa ng katawan o batayan ng buhay). Sa kabilang banda, idiniin din ni de Mesa, na ang Lucas 4:4, bagaman nagpapahalaga sa *zoe*/ginhawa ng kalooban ay hindi naman tumututol sa halaga ng *bios/*ginhawa ng katawan. Aniya, pansinin na ang pagkakasabi ay "hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao," ibig sabihin, awtomatikong kasama ang tinapay sa buhay (De Mesa, 1982).

### *2.3 Mapagpaginhawang Pamumuno*

Marahil wala pang mababasang eksplisitong gumagamit ng terminong "mapagpaginhawang pamumuno" sa anumang pag-aaral na may kinalaman sa pamumuno. Gayunman, ang prinsipyo sa likod ng mapagpaginhawang pamumuno ay implisito nang makikita sa mga sulatin ni Zeus Salazar. Sa panahon ng sinaunang pamayanan ng mga Pilipino bago ang kolonyalismo, apat na personahe ang tinukoy ni Salazar bilang mga pinuno: datu, bagani, panday, at babaylan. Bawat isa sa kanila ay namumuno sa magkakaibang aspekto ng sinaunang pamayanan: sosyo-pulitikal at ekonomiko (datu), militar (bagani), teknikal-teknolohikal (panday), at babaylan (espirituwal, sining, medisina, at agham) (Salazar, 1997).

Gaya ng nabanggit na natin, ang ginhawa ay nagmumula sa pagkain. Yamang ang pangunahing kinakain ng mga Pilipino ay kanin, ang pagpapalago ng palay ang pangunahing paraan ng pagpapanatili ng ginhawa ng bayan. Lahat ng apat na haligi/batayan ng sinaunang pamayanan ay mayroong tungkuling nakakabit sa pagpapalago ng palay. Datu ang namamahala sa mga lupain ng barangay na ginagamit sa pagsasaka. Siya ang naghahati-hati nito sa mga mamamayan upang kanilang linangin. Babaylan ang kinokonsulta kung kailan kailangang hawanin ang kagubatan, sunugin ito (kaingin), at tamnan. Nakabatay ito sa kadalubhasaan niya sa astronomiya, kung saan ibinabatay sa mga bituin ang panahon ng agrikultura (Salazar, 1999). Samantala, sinaunang mandirigma naman ang mga bagani. Ang panday naman ang responsable sa paggawa ng mga kasangkapan na kailangan ng mga bagani para sa pangangayaw tulad ng sandata at bangka. Kahit ang mga kasangkapan para sa pagsasaka ay ginagawa rin ng panday. Ibig sabihin, nakaugnay rin sa ginhawa ang gawain ng panday (Salazar, 1999).

Samakatuwid, lahat ng apat na haligi/batayan ng sinaunang pamayanan ay may kinalaman sa ginhawa. Mahihinuha mula rito na sa sinaunang pamayanan, ang pangunahing gampanin ng pamumuno ay pagpapanatili

ng ginhawa ng bayan. Ibig sabihin, bagaman hindi tuwirang nababanggit ang "mapagpaginhawang pamumuno" bilang termino, malinaw sa mga sulatin ni Salazar na ito ang pinahahalagahan ng mga sinaunang Pilipino na katangian ng isang ideyal na pinuno. Kapag pinagtagpo ang katangian ng pinuno bilang tagapagpanatili ng ginhawa sa sinaunang pamayanan ni Zeus Salazar sa isang banda, at ang teolohikal na konsepto ng holistikong ginhawa ni de Mesa sa kabilang banda, mabubuo ang mapagpaginhawang pamumuno bilang uri ng pamumunong nagpapahalaga sa ginhawa ng katawan at ginhawa ng kalooban ng kanyang nasasakupan.

Sa pagkakataong ito, maaari na nating simulang ilapat ang mapagpaginhawang pamumuno sa pagbasa sa Nehemias 5.

## 3. Mapagpaginhawang Pamumuno ni Nehemias

Nagkakasundo ang maraming biblikal na iskolar na ang Nehemias 5 ay naglalarawan ng sosyo-ekonomikong repormang ipinataw ni Nehemias sa Yehud bilang gobernadora (Lee, 2021). Ipinatupad ni Nehemias ang repormang ito bunga ng ekonomikong krisis na nadatnan niya sa Yehud. Malinaw na inilalarawan ng t.5:1-5 ang krisis na ito. Sa naturang halata, dumadaing ang mga mamamayan dahil sa kinakaharap nilang taggutom. Upang patuloy na mabuhay, ang ilan sa kanila ay nagsasangla ng sariling bukirin, ubasan, at bahay (t.5:3). Mas malala pa rito, mayroon sa kanilang ipinagbibili na pati ang kanilang mga anak na babae upang maging alipin (t.5:5). May mga komentaristang nagsasabi na hindi lamang basta alipin para sa paggawa o pagtatrabaho ang kinahihinatnan ng mga ipinagbibiling babae, bagkus ay ginagamit din sila sa pakikipagtalik (Petter at Petter, 2021). Isa pang idinadaing nila ay ang pagbubuwis. Anila, nangungutang na sila para lamang may maipambayad na buwis sa imperyong Persiano (t.5:4).

Kaya naman sa perspektibong Pilipino, wala nang iba pang mas angkop na paglalarawan sa kalagayan ng mga tao sa Nehemias 5 kundi labis na kahirapan. Ang labis na kahirapan ay nag-uugat sa kawalan ng makakain. Makailang ulit na nating nabanggit na sa kamalayan ng mga Pilipino, pagkain ang pinagmumulan ng ginhawa. Kung paanong pangunahing pagkain nating mga Pilipino ang kanin kaya mahalaga ang pagpapalago ng palay, pangunahin namang pagkain ng mga Hudio ang tinapay na nagmumula sa trigo. Upang patuloy silang may makain at huwag lamang magutom, ang ginawa nila ay ipinagbili at/o isinangla ang kanilang bukirin. Ngunit sa agrikultural na lipunan gaya ng Yehud, ang tanging paraan lamang upang mapanatili ang produksyon ng trigo ay sa pamamagitan ng pagtatanim nito sa mga bukirin. Kaya mahalaga ang pagkakaroon ng bukirin ng bawat pamilya sa Yehud. Ngunit kahit ito ay kailangan nilang ipagbili/isangla para manatiling buhay. Ibig sabihin, ipinagbibili nila ang pangmatagalang ginhawa para sa agarang ginhawa, dahil wala na rin namang halaga ang pangmatagalang ginhawa sa mga susunod na araw kung mamamatay na sila dahil sa kawalan ng makakain o agarang ginhawa sa kasalukuyang araw.

### *3.1 Ginhawa ng Katawan: Sosyo-Ekonomikong Reporma ni Nehemias bilang Mapagpaginhawang Pinuno*

Ang naging tugon ni Nehemias sa ganitong kawalan ng ginhawa ng mga tao ay labis na pagkagalit:

> *Labis akong nagalit nang marinig ko ang mga reklamong ito. Nagpasya akong harapin ang mga pinuno at mga hukom. Pinaratangan ko sila ng ganito: "Ano't nagawa ninyong magpautang nang may tubo sa inyong mga kababayan?" Kaya't tinipon ko ang mga tao sa isang pangkalahatang pulong. Sinabi ko, "Sinikap nating mapalaya ang ating kapwa-Judio na naipagbili sa ibang bansa. Ngayon nama'y kayo ang nanggigipit sa kanila upang ipagbili ang kanilang sarili sa inyo na mga kapwa nila Judio!" (t.5:6-8).*

Ang ganitong pagkagalit sa harap ng labis na paghihirap ng kapwa dulot ng pangangamkam ng ginhawa ng iba ay maaari pa ring basahin sa lente ng Pilipinong konsepto ng ginhawa. Sa *Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon*, ipinaliwanag ni Salazar na kapag nawawala ang ginhawa sa tiyan dulot ng pananamantala ng iba, napapalitan ito ng bagsik sa dibdib. Ang paghihimagsik ay akto ng paghahasik ng bagsik papalabas upang bumalik ang ginhawa sa loob. Ang pagsasama-sama ng mga taong pare-parehong may bagsik sa dibdib, at

kolektibong paghahasik nito sa labas ay tinatawag na "himagsikan" (yamang ginagawa nating maramihan ang isang salita sa pamamagitan ng pagdaragdag ng hulaping "-an").

Bagaman malayo sa himagsikan ang ginawa ni Nehemias at mas mababa sa bagsik ang kanyang nararamdaman (nasa antas pa lamang ng galit), anyo rin ng katarsis ang ginawa niyang pagbubulalas ng galit sa harap ng mga elit. Ngunit hindi lamang ginhawa ng sariling kalooban ang dahilan kung bakit siya nagbulalas ng galit, kundi para rin sa ginhawa ng katawan ng kanyang kapwa. Marahil ay maitatanong kung bakit siya ang nagalit at nagkatarsis gayong iba naman ang kinuhanan ng ginhawa at hindi siya. Mas mauunawaan marahil ito kung gagamitin ang isang halagahing Pilipino — ang malasakit.

Sa ating wika, ang panghihimasok sa sitwasyon ng iba ay maikakategorya sa anuman sa dalawang ito: pakikialam at pagmamalasakit. Magkaiba ito. Ang pakikialam ay tumutukoy sa panghihimasok nang wala sa lugar, kahit na wala naman tayong karapatan na makialam, at hindi naman kinakailangan ang ating panghihimasok. Negatibo ang pangingialam sa kulturang Pilipino. Pero malayo rito ang pagmamalasakit. Ang pagmamalasakit ay isang uri ng panghihimasok na ginagawa dahil nangangailangan ng tulong ang ating kapwa. Kapag nagmamalasakit tayo, sinusubukan nating damhin ang sakit na nadarama ng kapwa. Kadalasang isinasagawa ang pagmamalasakit kapag may pinagdaraanang trahedya o pagdurusa ang ating kapwa. Ginagawa ito sa pagnanasang makabawas kahit kaunti sa paghihirap ng kapwa, kahit pa wala mang tuwirang solusyong maibibigay sa suliranin (Tablan, 2021).

Ngunit bukod sa malasakit bilang pagdama sa sakit ng kapwa, may iba pang hibla ng kahulugan ang malasakit. Sa lumang Tagalog, ang "sakit" ay tumutukoy din sa trabaho o serbisyo. Sa diksyunaryo nina Blust at Trussel, at Calderon ay makikita ang konotasyon ng sakit bilang pagtatrabaho, ngunit hindi lamang basta pagtatrabaho kundi pagtatrabahong may pagsisikap at dedikasyon. Pero ano ang kaugnayan ng ganitong konotasyon ng sakit sa kontemporaryong konsepto ng malasakit? Ang malasakit ay pinagsamang salitang "mala-" at "sakit." Ayon sa KWF Diksiyonaryo ng Wíkang Filipíno, ang "mala-" ay "unlaping nagpapahiwatig ng pagkahawig sa bagay na sinasabi ng salitang-ugat" (Komisyon sa Wikang Filipino, 2025). Ang malasakit ay gawaing ginagampanan nang lagpas sa iyong responsibilidad (Tiongson, 2022). Malasakit ang tawag dito dahil bagaman ito ay kahawig o "parang/tila" trabaho, hindi mo na ito responsibilidad at hindi mo na kailangang gawin. Sa kontekstong ito nag-uugat ang malalim na kahulugan ng Pilipinong halagahin na malasakit. Kapag nagmamalasakit tayo, gumagawa tayo ng mga bagay na hindi naman natin responsibilidad at hindi naman natin kailangang gawin.

Sa lente ng malasakit ay higit na mapahahalagahan ang ginawang pagbubulalas ng galit ni Nehemias sa t.5:6-8. Hindi ito simpleng pangingialam, bagkus ay pagmamalasakit. Bagaman hindi siya ang kinuhanan ng ginhawa, nagalit pa rin si Nehemias sa mga humuhuthot sa mga taga-Yehud dahil pinagmamalasakitan niya ang mga ito bilang kanyang kapwa (kapwa tao at kapwa Hudio). Ngunit hindi natapos sa pagbubulalas ng galit at pagkondena sa mapang-abusong pagpapautang ang pagmamalasakit ni Nehemias. Pagkatapos nito ay nagpataw siya ng konkretong repormang sosyo-ekonomiko upang malunasan ang krisis:

> *Ang mga kababayan nating nagigipit ay pinahiram ko na ng salapi at pagkain. Ganoon din ang ginawa ng aking mga kamag-anak at mga tauhan. Huwag na natin silang pagbayarin ng interes ng kanilang pagkakautang. Ngayon di'y ibalik ninyo ang mga bukirin at ubasan sa mga may utang sa inyo, pati ang kanilang mga taniman ng olibo, at tahanan. Ibalik din ninyo ang naging interes ng perang ipinahiram ninyo, gayundin ang mga trigo, alak at langis na ipinahiram ninyo sa kanila. "Ibabalik namin ang lahat ng iyon sa kanila," sagot nila. "Hindi na namin sila sisingilin. Tutuparin namin ang hinihingi mo." Ipinatawag ko ang mga pari at pinanumpa sa harap nila ang mga pinuno upang tuparin ng mga ito ang kanilang pangako (t.5:10-12).*

Upang maisakatuparan ang ganitong polisiya ng redistribusyon, si Gobernador Nehemias mismo ang nanguna sa pagpapahiram sa mga nangangailangan ng salapi at pagkain (t.5:10). Ngunit kaiba sa mga lokal na elit, hindi siya nagpataw sa kanila ng anumang interes. Malaking bagay ito, ang pagpapahiram ng ganitong salapi

at pagkain ay malaking bagay upang matugunan ang kinakailangan nilang agarang ginhawa.

Ngunit alam ni Nehemias na hindi sapat ang agarang ginhawang ito. Pansamantala lamang ito at ‘di magtatagal ay maghihirap at magugutom na muli ang mga tao. Kaya naman ipinatupad niya ang sunod na hakbang: inatasan niya ang mga elit na ibalik sa mga mamamayan ang kanilang naisanglang bukirin, ubasan, taniman ng olibo, at tahanan (t.5:11). Sa pamamagitan nito ay masisigurado ang pangmatagalang ginhawa ng mga mamamayan. Magagamit na nila ang kanilang mga lupang taniman upang maging sustenable ang kanilang buhay sa mga susunod pang taon (kung saan mapapanatag sila na magpapatuloy ang produksyon ng ginhawa). Mahalaga ito sapagkat hindi sustenable, ni makatarungan man, na hayaan ang mga taong mabuhay lamang sa pamamagitan ng tulong. Sa pamamagitan ng pagpapahiram ng pagkain at salapi bilang tulong, pagbabalik ng bukirin at ubasan bilang kabuhayan, at pagbabalik ng interes ng utang bilang remisyon, naisakatuparan ni Nehemias ang sistematikong abolisyon ng mapang-abusong sistema ng pautang. Ang abolisyon na ito ay malaking hakbang tungo sa kanyang sosyo-ekonomikong polisiya ng redistribusyon.

Bukod sa ibinigay na niya ang mula sa bulsa niya (sa pamamagitan ng pagpapahiram sa mga tao), hindi rin niya kinuha ang mula sa bulsa ng mga tao sa pamamagitan ng hindi pagkain ng pagkaing para sa gobernador. Ito ay sa kabila ng katotohanan na “nauukol” ito sa kanya. Kung paanong may karapatan ang mga imperyo na kuhanan ng salapi ang kanilang mga nasakop na bayan, mayroon ding karapatan ang mga *satrap* at gobernador na pakinabangan ang ginhawang nagmumula sa kanilang nasasakupan. Tulad ng nabanggit na, isa sa mga uri ng buwis na sinisingil noong panahong iyon ay buwis para sa lokal na pamahalaan (na hiwalay pa sa buwis para sa imperyo). Sa katunayan, maging ang mga naunang gobernador ng Yehud ay tumatanggap hindi lamang ng pagkain kundi pati ng alak at salapi mula sa taumbayan. Karapatan ng mga gobernador na yumaman at maginhawaan mula sa pagpapagal ng kanilang nasasakupan. Nakasaad ito sa batas. Ngunit sa t.5:18, isinaad ni Nehemias ang dahilan kung bakit hindi niya kinuha ang ginhawang nauukol sa kanya:

> *“Sa kabila ng lahat ng ito, hindi ko pa rin kinuha ang pagkaing nauukol sa gobernador, sapagkat alam kong ang mga tao'y naghihirap” (akin ang diin).*

Malinaw sa kamalayan ni Nehemias ang magkataliwas na kalagayan niya (ginhawa) kumpara sa kanyang mga mamamayan (hirap). Bagaman nauukol sa kanya ang ginhawang dulot ng pagkain, alam din niyang sobra na ito sa kanyang pangangailangan. Alam niyang kapag kinuha niya ang sobrang ito, magiging salat ang kanyang nasasakupan. Alam niyang kahit hindi niya ito kunin, maginhawa pa rin ang buhay niya, at ang hindi pagkuha nito ay makatutulong upang mabawasan ang hirap ng mga tao.

Ang mas kahawig ng pamumuno ng mga datu, babaylan, bagani, at panday ay ang mapagpaginhawang pamumuno ni Nehemias. Kinokondena niya ang mga “aswang” na humuhuthot ng ginhawa mula sa kanyang nasasakupan. Ang pagbubulalas na ito ng galit sa mga “aswang” ay nagbubukal sa kanyang malasakit sa mga kababayang puno ng hirap. Tanda rin ng pagiging mapagpaginhawang pamumuno ni Nehemias ang pagsigurado niya na patuloy na magkakaroon ng produksyon ng trigo ang kanyang nasasakupan, sa pamamagitan ng sistematikong pagpapanumbalik sa kanila ng mga naisanglang bukirin. Bukod sa lahat ng natalakay, may iba pang isinagawa si Nehemias upang makapag-ambag sa pagpapaginhawa ng kanyang bayan (t.5:16-18):

> *Ginawa ko ang lahat upang muling maitayo ang pader sa tulong ng aking mga tauhan. Hindi ako naghangad ng anumang ari-arian. Ako'y laging nagpapakain ng 150 panauhing Judio, gayundin ng aming mga pinuno bukod sa mga taong dumarating mula sa mga malalapit na bansa. Araw-araw ay nagpapakatay ako ng isang toro, anim na matatabang tupa, at maraming manok at tuwing ikasampung araw ay naglalabas ako ng maraming alak.*

Bukod sa maraming reperensya sa pagkain (pagpapakain sa 150 panauhin, pagpapakatay ng toro, tupa, at manok, at pagpapainom ng alak) na esensyal para sa ginhawa, siyempre ay nariyan din ang kanyang malakihang proyektong pagpapatayo ng pader. Tulad ng mga bagani na nagtatanggol sa seguridad ng kanilang barangay, sinigurado ni Nehemias ang patuloy na pagpapanatili ng ginhawa ng Yehud sa pamamagitan ng pagtiyak sa

kanilang kaligtasang pisikal mula sa mga karatig-bayan.

*3.2 Ginhawa ng Kalooban: Repormang Pangrelihiyon ni Nehemias bilang Mapagpaginhawang Pinuno*

Hindi lamang nakatuon sa ginhawa ng katawan (pisikal) ang mapagpaginhawang pamumuno ni Nehemias. Makikitaan din ito ng tuon sa ginhawa ng kalooban (espirituwal). Kahit ang mismong repormang sosyo-ekonomiko ni Nehemias sa kabanata 5 ay nag-uugat din sa kontekstong pangrelihiyon. Sa t.5:8, binigyang-diin ni Nehemias ang pang-aapi ng mga elit sa mga kapwa Hudio:

> *Sinikap nating mapalaya ang ating kapwa-Judio na naipagbili sa ibang bansa. Ngayon nama'y kayo ang nanggigipit sa kanila upang ipagbili ang kanilang sarili sa inyo na mga kapwa nila Judio! (sa akin ang diin).*

Ang ganitong diin ni Nehemias ay hindi lamang basta sintomas ng kanyang nasyonalismo o pagpapahalaga sa sariling etnisidad, nakaugat ito sa relihiyong Judaismo. Sa nasipi na nating Deuteronomio 15:1-2, nabanggit na tuwing ikapitong taon, kailangang patawarin ang mga kapwa-Hudio na may utang. Idinagdag ng t.15:3 na "Ang mga dayuhan lamang ang sisingilin ninyo, at hindi ang inyong mga kababayan." Kalaunan, magiging bahagi rin ng katuruan ng mga rabbi ang pagsasaad na maaaring magpautang na may interes sa mga Hentil, ngunit hindi puwede sa mga kapwa-Hudio. Ang pagpapautang sa mga kapwa-Hudio na may interes ay itinutumbas nila sa hindi paniniwala sa Diyos at pagpatay ng tao (Yamauchi, 1990). Samakatuwid, nakaugat sa Torah o Kautusan ng mga Hudio ang ganitong patakaran ni Nehemias bilang gobernador.

Malinaw ring makikita ang relihiyosong tono ng kanyang sosyo-ekonomikong reporma sa makailang ulit niyang pagbanggit sa Diyos. Nang kondenahin niya ang mapang-abusong pautang ng mga elit, binanggit niya na "Dapat kayong matakot sa Diyos at gumawa nang mabuti upang hindi tayo hamakin ng mga pagano" (t.5:9). Matapos niyang panumpain sa harap ng mga pari ang mga elit upang ipangako ng mga ito na ibabalik nila ang ubasan, bukirin, at interes ng mga may utang sa kanila, sinambit ni Nehemias ang mga salitang ito (t.5:13): "Ipinagpag ko ang aking kasuotan at sinabi ko, "Ganyan nawa ang gawin ng Diyos sa mga ari-arian ng mga taong hindi tumupad sa kanyang pangako. Ipagpag din sana silang tulad nito at maghirap."

Ang pagpapahalaga sa ginhawa ng kalooban ay hindi lamang makikita sa pagkakaugat ng sosyo-ekonomikong reporma ni Nehemias sa Kautusan. Bukod sa sosyo-ekonomikong reporma sa Nehemias 5, may isa pa siyang hiwalay na repormang isinagawa — ang repormang pangrelihiyon na matatagpuan sa Nehemias 13. Tulad ng nabanggit natin sa talakayan ng kaligirang pangkasaysayan ng aklat ng Nehemias, ang kabanata 13 (partikular ang t.13:4-31) ay pinaniniwalaan din ng mga iskolar na bahagi ng orihinal na Talang-gunitang Nehemias. Kaya naman tulad ng Nehemias 5 ay hindi pinagdududahan ng maraming biblikal na iskolar ang historisidad nito. Bagaman lagpas na ang kabanata 13 sa pangunahin nating teksto na kabanata 5, mahalagang ikonsidera rin ito kahit mas mabilisan lamang. Ito'y sapagkat ang magkatapat na pagbasa sa kabanata 5 (ginhawa ng katawan/repormang sosyo-ekonomiko) at kabanata 13 (ginhawa ng kalooban/repormang pangrelihiyon) ay higit na nagpapamalas ng holistikong pamumuno ni Nehemias bilang mapagpaginhawang pinuno.

Ang ikalawang aspekto ng repormang pangrelihiyon ay nakatutok sa Sabbath o Araw ng Pamamahinga. Napagmasdan ni Nehemias na hindi na sinusunod ng mga Hudio ang kautusan ukol dito. May mga nagpipisa ng ubas, at nagbebenta ng mga produkto (gaya ng trigo, alak, ubas, at igos) sa Araw ng Pamamahinga (t.13:15). May mga banyagang mangangalakal din gaya ng mga taga-Tiro na nagdadala ng mga paninda tulad ng isda sa Jerusalem sa Araw ng Pamamahinga (t.13:16). Bilang tugon, ipinatawag ni Nehemias ang ilang pinuno at ibinulalas sa kanila (t.13:17-18).

Makikita rito ang malalim na kahulugang espirituwal ng Araw ng Pamamahinga para kay Nehemias. Mahalaga ring pansinin ang pag-uugnay ni Nehemias sa pagitan ng pagkawasak ng lunsod at paglapastangan sa Araw ng Pamamahinga. Nakaugat ito sa persepsyon ng maraming Hudio na ang naganap sa kanilang

pagkaeksilo (*exile*) o pagkakapatapon sa Babylonia ay dulot ng paglabag nila sa Kautusan. Para kay Nehemias at maraming kapwa niya Hudio, ang paglabag sa Kautusan (pagkawala ng ginhawa ng kalooban) ang mismong dahilan ng samu't saring hirap na naranasan nila matapos ang eksilo tulad ng pagkamatay, kagutuman, at pagkasira ng mga tahanan (pagkawala ng ginhawa ng katawan). Mahihinuha na para kay Nehemias, ang patuloy na paglabag sa Kautusan (ginhawa ng kalooban) ay magdadala ng higit pang hirap sa halip na ginhawa ng katawan sa hinaharap.

Ang ikatlong aspekto ng reporma ay may kinalaman sa pagpapakasal ng kalalakihang Hudio sa mga babaeng hindi Hudio. Pinuna ni Nehemias ang pakikipag-asawa ng mga Hudio sa mga taga-Asdod, Ammon at Moab. Dahil sa pakikipag-asawang ito sa ibang etnisidad, ang mga nagiging anak nila ay hindi na marunong ng wikang Hebreo, at ang sinasalita na ay banyagang wika (t.13:24). May mga komentaristang naggigiit na ang pagbabawal ni Nehemias sa pagpapakasal sa ibang lahi ay may mas kinalaman sa isyu ng pangangalaga sa etnisidad ng mga Hudio, kaysa sa isyu ng relihiyon. At ito umano ang motibasyon ni Nehemias sa ipinatupad na polisiya ng pagbabawal sa pagpapakasal sa ibang etnisidad (Southwood, 2011).

Bagaman hindi maikakaila na mayroon talagang mahalagang papel na ginampanan ang banta ng etnisidad sa restriksyon sa pagpapakasal sa ibang lahi, hindi rin maaaring baliwalain ang malinaw na relihiyosong dimensyon nito sa motibasyon ni Nehemias. Ang restriksyon ni Nehemias ay nakabatay sa Deuteronomio 7:3-4:

> *Huwag kayong papayag na mapangasawa ng inyong mga anak ang kanilang mga anak sapagkat tiyak na ilalayo nila ang inyong mga anak kay Yahweh, at pasasambahin sa kanilang mga diyus-diyosan.*

Kung gayon, ang motibasyon ni Nehemias sa restriksyon ay hindi lamang pangangalaga sa etnisidad ng mga Hudio, kundi pag-iingat din na manatili sila sa Judaismo at hindi lumipat sa ibang relihiyon. Higit na makikita ang ganitong motibasyon ni Nehemias sa pagsipi niya kay Solomon bilang halimbawa (t.13:26-27):

> *"Hindi ba iyan ang sanhi ng pagkakasala ni Solomon?" sinabi ko sa kanila. "Walang sinumang hari saanmang bansa na tulad niya. Mahal siya ng Diyos at ginawang hari sa buong Israel. Subalit nagkasala siya dahil sa mga babaing banyaga. Susundin ba namin ang inyong masamang halimbawa at susuway sa Diyos dahil sa pag-aasawa ng mga dayuhan?"*

Ibig sabihin, natatakot lamang si Nehemias na magaya ang mga kapwa niya Hudio kay Solomon na dahil sa pag-aasawa ng mga dayuhan ay tuluyang nalayo sa Judaismo. Bagaman maaari ngang lumabis si Nehemias sa nakasaad sa Kautusan, maaari pa ring ipagpalagay na mainam ang kanyang motibasyon sa pagpapatupad nito: ang pagpapanatili ng pag-iral ng Judaismo matapos ang eksilo, na siyang batayan ng ginhawa ng kalooban ng Yehud. Anu't ano pa man, malinaw ang matinding pagsandig ni Nehemias sa Deuteronomio. Yamang ang Deuteronomio bilang bahagi ng Kautusan ay itinuturing ng mga Hudio na salita ng Diyos, makikita rito na ang buong panunungkulan ni Nehemias bilang gobernador ay malinaw na nakasandig sa relihiyon. Samakatuwid, hindi maipaghihiwalay sa isa't isa ang ginhawa ng katawan at ginhawa ng kalooban sa konteksto ng pamumuno ni Nehemias.

## 4. Paglalagom at Konklusyon

Sa artikulong ito, sinubukan nating magsagawa ng pagbasa sa Nehemias 5 sa diwa ng Mabathalang Pag-aaral ni Jose de Mesa. Sa halip na sundan ang pangkaraniwang isahang daloy sa Araling Biblikal (na tipikal sa maraming sermon, *bible study*, at publikasyon) kung saan itinuturing lamang ang kulturang Pilipino bilang pook na paglalapatan ng mga aral sa Biblia, ang tinangka natin ay pag-usapin ang Biblia at kultura bilang "talaban ng dalawang bukal." Matapos talakayin ang kaligirang pangkasaysayan ng Nehemias at piliin ang Talang-gunitang Nehemias bilang pagtutuunang teksto (partikular ang kabanata 5), tinukoy natin ang pamumuno bilang pangunahing temang susuriin sa Nehemias. Sa listahan ni Georg Wunch ng tatlong dulog sa pag-aaral ng mga prinsipyo ng pamumuno sa Nehemias, pinili natin ang ikatlo: paghalaw ng mga prinsipyo ng pamumuno sa

kontemporaryong agham panlipunan, at aplikasyon nito sa Nehemias. Bilang pagtalima sa ikatlong dulog na ito, hinugot natin ang konsepto ng ginhawa mula sa kulturang Pilipino. Ipinaliwanag ang teoretisasyon dito sa antropolohiya, at ang paglalagay rito ni de Mesa ng teolohikal na nilalaman bilang dinamikong salin ng *salvation, soteria, salus,* o *liberacion.* Pagkatapos, gamit ang mga sulatin ni Zeus Salazar, pinalitaw natin ang mapagpaginhawang pamumuno bilang mahalagang gampanin ng mga pinuno ng sinaunang pamayanan (datu, babaylan, bagani, at panday).

Ang mapagpaginhawang pamumuno bilang bagong konseptong nabuo ay inilapat natin sa Nehemias 5. Natunghayan natin kung paanong ang krisis na nagpahirap sa mga taga-Yehud ay dahil sa mga “aswang” (imperyong Persiano, lokal na elit, at lokal na opisyal), na humuthot ng kanilang ginhawa. Tinugunan ito ng galit ni Nehemias bilang akto ng kanyang pagmamalasakit sa mga kababayan. Ang pagmamalasakit na ito ay humantong sa pagpapatupad niya ng polisiya ng redistribusyon — pagkuha ng sobrang ginhawa ng mga elit, at pagpapamudmod nito sa taumbayan na salat ang ginhawa, upang lahat ay magkaroon ng sapat alinsunod sa kanilang pangangailangan. Ang ganitong polisiya ay tuluyang nagbigay sa mga mamamayan ng ginhawa ng katawan. Ngunit alam ni Nehemias na hindi ito sapat, dahil mahalaga rin ang ginhawa ng kalooban. Kaya naman inilunsad niya sa kabanata 13 ang isang repormang pangrelihiyon, partikular ang aspekto ng templo, Araw ng Pamamahinga, at pag-aasawa. Ang mga ito ay paraan niya upang magkaroon ang mga Hudio ng maayos na kaugnayan sa Diyos, na batayan ng ginhawa ng kanilang kalooban.

Sa pagkakataong ito, ang nalalabi na lamang sa ating tangkang “talaban ng Biblia at kulturang Pilipino” sa Nehemias 5 ay ang ibalik ang saysay nito sa kontekstong Pilipino. Matapos mapalinaw ang pagkaunawa natin sa Nehemias 5 gamit ang konsepto ng ginhawa ng kulturang Pilipino, ano naman ang mapakikinabangan ng kontekstong Pilipino (partikular ng Teolohiyang Pilipino) mula sa holistikong mapagpaginhawang pamumuno na nabuo buhat sa mabathalang pag-aaral ng Nehemias 5? Sapat na marahil na mabilisang magbanggit na lamang ng ilang erya ng aplikasyon.

Una, maaari itong magsilbi bilang pagpapatuloy ng panawagan para sa pagiging holistiko ng Teolohiyang Pilipino. Ang Teolohiyang Pilipino na nakatuon lamang sa ginhawa ng kalooban ay magiging walang saysay sa isang lipunan kung saan kaliwa’t kanan ang kahirapan at kasalatan sa ginhawa. Ang Teolohiyang Pilipinong puro lamang ginhawa ng kalooban ay tila isang taong nag-aalok ng grandioso at pangmatagalang plano sa isang taong nangangailangan ng agarang ginhawa dahil mamamatay na sa gutom. Sa kabilang banda, ang Teolohiyang Pilipino na nakatutok lamang sa ginhawa ng katawan ay walang magiging pagkakaiba sa mga humanista at materyalistang ideolohiyang panlipunan, na walang anumang espirituwal na nilalaman. Kung magiging ganito lamang din ang Teolohiyang Pilipino, hindi na kakailanganin pa ang pag-iral nito, dahil nariyan naman ang Marxismo at iba pang nakatuon sa katarungang panlipunan. Isang mahalagang paalala sa integrasyong ito ng ginhawa ng kalooban at katawan ang “Hindi lamang sa tinapay [ginhawa ng katawan] nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos [ginhawa ng kalooban]” (Mateo 4:4). Hindi maaaring paghiwalayin ang dalawang uri ng ginhawa sa talatang ito. Sa isang banda, sinasabi nitong hindi lamang sa ginhawa ng katawan nabubuhay ang tao, kundi pati sa ginhawa ng kalooban. Sa kabilang banda, ang “hindi lamang” ay nagpapahayag na awtomatikong kasama sa pormulasyon ang ginhawa ng katawan, dahil hindi magiging posible ang ginhawa ng kalooban kung wala rin ang ginhawa ng katawan.

Ikalawa, hindi lamang sa Teolohiyang Pilipino *per se* ang saysay ng holistikong ginhawa, kundi sa mismong aplikasyon nito sa lipunang Pilipino. Bunga ng dualismong nasagap ng Kristiyanismong dumating sa Pilipinas. Naging magkahiwalay sa kamalayan ng maraming Kristiyanong Pilipino ang ginhawa ng katawan at ginhawa ng kalooban/kaluluwa. Dulot din ng sobrang espirituwal na *salvation* mula sa Kanluran, naikahon lamang ang tuon ng mga Kristiyanong Pilipino sa pag-aalala kung paano maililigtas ang kaluluwa sa kabilang buhay. Nawala ang atensyon ng simbahan sa reyalidad na maraming katawan ang naghihirap sa buhay na ito. Ang ganitong dikotomiya at sobrang espirituwal na *salvation* ay nakapag-ambag tungo sa pagiging apulitikal ng mga Pilipinong Kristiyano. Ang holistikong konsepto ng ginhawa ay makatutulong bilang lunas sa umiiral na suliraning ito.

Ikatlo, ang mapagpaginhawang pamumuno ni Nehemias ay maaaring maging modelo ng ideyal na pamumuno sa kasalukuyan. Makatutulong ito sa mga Pilipinong Kristiyano sa pagpapataas ng kanilang pamantayan sa pagpili ng pinuno, pinuno man sa loob ng simbahan (mga pinunong pangrelihiyon), o pinuno sa labas nito (mga pinunong pampulitika).

Ikaapat, makapag-aambag ito sa Araling Pampamumuno (*Leadership Studies*). Sa mga publikasyon ng Araling Pampamumuno, madalas na iniisa-isang talakayin ang mga katangiang tinitingnan bilang ideyal na magkaroon ang mga pinuno. Ang pinag-uusapan man ay mga pinunong Kristiyano o mga pinunong pampulitika, madalas na mabanggit ang mga katangian tulad ng may integridad, tapat, inuuna ang mga tagasunod bago ang sarili, pangmatagalan kung mag-isip, marunong umangkop, may malinaw na bisyon, at iba pa. Sa pamamagitan ng mabathalang pagbasa sa Nehemias 5, mayroon na tayong maaaring maidagdag sa listahang ito: "mapagpaginhawa."

Ikalima, nagsisilbing dagdag na balidasyon ito sa saysay ng ginhawa bilang mungkahing salin ni de Mesa sa *salvation.* Ipinapakita ng pagbasa sa Nehemias 5 na sa punto-de-bistang Pilipino, napakadaling unawain ng biblikal na teksto kung gagamitin ang ginhawa, dahil mula mismo ito sa ating kultura. Ipinapakita nito na nagiging mas natural para sa mambabasa ang pagbasa sa teksto kung gagamitin ang mga nakagisnan nating bokabularyo. Nakatutulong din ang ganitong uri ng pagbasa upang mas ilapit sa kasalukuyang kalagayan natin ang sitwasyon na inilalarawan ng teksto. Dagdag pa rito ang maraming posibilidad na mapalilitaw sa teksto dahil sa mayamang nilalaman ng konsepto ng ginhawa.

Ikaanim, nagpapakita ito ng pagiging kapana-panabik ng Araling Biblikal sa Pilipinas gamit ang Mabathalang Pag-aaral. Sa halip na makulong sa pagiging *monotonous* ng Araling Biblikal sa pamamagitan ng pagtingin lamang sa kontekstong pangkasaysayan at pampanitikan ng teksto, nagbibigay ng pagkakataon ang Mabathalang Pag-aaral para sa mas malikhaing pagbasa ng teksto. Sa Mabathalang Pag-aaral, nagkakaroon ng mas mataas na kapangyarihan ang mambabasa bilang tagapag-interpreta, sa halip na maging gaya-gaya lamang sa nakagisnang mga interpretasyon na mula sa mga Kanluraning teologo. Hindi naman sa winawalang-halaga ang minanang mga tradisyong hermeneutikal mula sa Kanluran. Marami pa rin tayong mapakikinabangan mula sa mga ito. Ngunit hindi tayo makabubuo ng sarili nating hermeneutikal na tradisyon kung patuloy lamang tayong aasa sa pagbasa ng iba; kailangang basahin din natin ang teksto gamit ang sarili nating mga mata. Mahalaga lamang din sigurong idagdag bilang paglilinaw na ang kapangyarihang ito ng mambabasa ay hindi rin naman absoluto. Hindi marapat na humantong ang Mabathalang Pag-aaral sa postmodernong pananaw, kung saan wala nang anumang hermeneutikal na kontrol na umiiral dahil lahat ng kahulugan ay posible na. Gayunman, ang posibilidad ng kamalian ay hindi dapat humadlang sa pagsubok na bumasa mula sa Pilipinong pananaw, yamang imposible ang anumang higit na pagkaunawa kung walang isasagawang anumang pagtatangka.

Nakaugnay sa huling nabanggit, pampito at panghuli, ang mismong pag-aaral na ito ay isang panawagan na lapatan din ng Mabathalang Pag-aaral ang iba't iba pang teksto ng Biblia, gamit ang samu't sari pang konseptong matatagpuan mula sa kulturang Pilipino. Napakarami nang iba pang konseptong nalinang ng mga Pilipinong pantas na magiging kagamit-gamit sa ganitong adhikain (tulad ng loob, kapwa, maganda, pandaraya, bakas, pananampalataya, atbp.). Tiyak na ang ganitong tunguhin ay lalo pang makapagpapalago ng diskursong teolohikal sa bansa.

## 5. Piling Sanggunian


De Mesa, J. M. (1982). The Ginhawa Which Jesus Brings. *Witness, 2*(3), 45-66.

De Mesa, J. M. (2003). Why Theology is Never Far From Home. Manila: De La Salle University Press, Inc.

De Mesa, J. M. (2016a). Mabathalang Pag-aaral: Isang Panukala sa Pagteteolohiya ng Filipino. Nasa *Jose M. de Mesa: A Theological Reader.* Manila: De La Salle University Publishing House.

De Mesa, J. M. (2016b). The Ginhawa which Jesus Brings. Nasa *Jose M. de Mesa: A Theological Reader.* Manila: De La Salle University Publishing House.

Enriquez, V. (1982). Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan. Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, pat., Rogelia Pe-Pua. Quezon City: University of the Philippines Press.

Komisyon sa Wikang Filipino. (2025). Diksiyonaryo ng Wíkang Filipino. Retrieved January 4, 2025, from https://kwfdiksiyonaryo.ph/

Lee, K-J. (2021). Nehemiah's Socioeconomic Reform: Principles and Accomplishments. Nasa *Imagined Worlds and Constructed Differences in the Hebrew Bible*, pat., Jeremiah W. Cataldo (pp. 43-58). London: T&T Clark.

Peñalosa, M. C. (2014). *'Hanapbuhay': The Bureaucrat's Quest for 'Ginhawa' in the Workplace: Its Implications for Understanding Bureaucratic Corruption*. Disertasyong Doktorado, College of Public Administration and Governance, University of the Philippines.

Petter, D., & Petter, T. (2021). *Ezra-Nehemiah, The NIV Application Commentary*. Grand Rapids, Michigan: Zondervan Academic.

Salazar, Z. (1983). Ethnic Psychology and History. Nasa *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology,* pat., Zeus Salazar. Cologne: Counseling Center for Filipinos.

Salazar, Z. (1997). Limang Panahon ng Pamumunong Bayan sa Kasaysayan ng Pilipinas. Nasa *Lider: Pamumunong Bayan; Karanasan, Katanungan at Kinabukasan*, pat., Edicio de la Torre. Quezon City: Education for Life Foundation.

Salazar, Z. (1999). *Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas.* Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Southwood, K. (2011). 'And They could not Understand Jewish Speech:' Language, Ethnicity and Nehemiah's Intermarriage Crisis. *The Journal of Theological Studies*, *62*(1), 1-19.

Tablan, F. (2021). Filipino Virtue Ethics and Meaningful Work. *Humanities Bulletin, 4*(1), 20-40.

Tiongson, J. (2022). *Personal na Komunikasyon*. U.P. Town Center, Quezon City.

Wunch, H-G. (2023). Nehemiah – Leader in Times of Crisis. *Verbum et Ecclesia, 44*(1), 1-6.

Yamauchi, E. (1990). *Persia and the Bible*. Grand Rapids, Michigan: Baker Books.